

Sa harapan ng Diyos at ni Cristo Jesus, na siyang babatol sa mga bubay at sa mga patay, at sa pamamagitan ng kanyang pagpapakita at sa kanyang kabarian, ay inatasan kita: ²Ipangaral mo ang salita, magsikap ka sa kapanahunan at sa di-kapanahunan, magtuwid ka, manaway ka, mangaral ka na may buong pagtitiyaga at pagtuturo. ³Sapagkat darating ang panahon na hindi nila matitiis ang wastong aral; kundi, sa pagkakaroon nila ng makakating tainga, ay mag-iipon sila para sa kanilang sarili ng mga gurong ayon sa kanilang sariling pagnanasa, ⁴at tatalikod sa pakikinig sa katotohanan ang kanilang mga tainga, at babaling sa mga kathang-isip. ⁵Ngunit ikaw ay maging matino sa lahat ng mga bagay, magtiis ka ng mga kabirapan, gampanan mo ang gawain ng isang ebanghelista, ganapin mong lubos ang iyong ministryo. (2 Timoteo 4:1-5, Ang Biblia)

Panimula (5 mins)

1. Kailan ang huling pagkakataon na may isang taong (kaibigan o kapamilya) nagsabi sa iyo ng isang napakahalagang bagay? Bakit sa tingin mo ito mahalaga? Ano ang ginawa mo bilang tugon dito?

Tulay sa Pagsasaliksik: Kapag nakarinig tayo ng isang napakahalagang bagay, pinakikinggan natin itong mabuti at may ginagawa tayo bilang tugon dito. Gayon din ang nais ni Pablo kay Timoteo nang sabihin niya sa v. 2, “Ipangaral mo ang salita...” Gusto niyang makita ito bilang isang napakahalagang bagay, na sa katunayan ay ito ang huling habilin niya bago siya patayin ng mga Romano. Gusto ni Pablo na maging tama ang tugon ni Timoteo dito.

Pagsasaliksik (25-30 mins)

2. Ano ang kahulugan ng “ipangaral ang salita”? Ito ba ay gawain lang ng isang pastor? Patunayan. Tingnan ang Roma 10:8, 13-14. Sa anu-anong paraan natin maipangaral ang Salita ng Diyos? Magbigay ng mga halimbawa.

3. Ayon sa v. 1, bakit sa tingin mo dapat seryosohin ni Timoteo ang pangangaral ng salita? Ano ang kinalaman ng pangangaral ng salita ng Diyos sa paghahari ni Cristo at sa kanyang muling pagbabalik?

4. Isa-isahin ang apat pang utos na nakapailalim sa “ipangaral mo ang salita” (v. 2). Ano ang kaugnayan ng apat na ito sa pangangaral ng salita? Ano ang kaugnayan ng katangian ng Kasulatan sa 3:16 sa tagubilin ni Pablo sa 4:2?

5. Sa anu-anong pagkakataon nakikita mong hindi nagiging seryoso ang maraming Cristiano sa pangangaral ng Salita ng Diyos? Ano ang maaari nating gawin upang mabago ang mga ito?

6. Ayon sa vv. 3-4, magiging madali ba para kay Timoteo ang pangangaral ng Salita? Bakit o bakit hindi? Magbigay ng mga halimbawa ng mga nangyayari ngayon na katulad ng sinasabi ni Pablo sa mga talatang ito na haharapin ni Timoteo.

7. Ayon sa v. 5, anu-ano ang nais ni Pablo na gawin ni Timoteo bilang tugon sa mga paghihirap na daranasin niya? Bakit sa tingin mo ito ang dapat na maging tugon ng isang mangangaral sa mga mahihirap na sitwasyon ngayon?

8. Sa anu-anong pagkakataon nakikita mong hindi nagiging tapat ang maraming Cristiano sa pangangaral ng Salita ng Diyos? Ano ang maaari nating gawin upang mabago ang mga ito?

Pagsasabuhay (15 mins)

9. Sang-ayon sa pag-aaral ngayon, ano ang nakikita mong sinasabi sa iyo ngayon ng Diyos na gawin mo upang maipangaral ang kanyang Salita sa iba (Cristiano man o hindi)? Paano mo ito gagawin?

10. Bilang isang Kaagapay Group, anu-ano ang posible nating gawin sa darating na panahon upang maipangaral natin ang Salita ng Diyos sa ibang tao?

11. Isaulo ang 2 Timoteo 4:2. Ipanalagin sa Diyos na maging bahagi na ng ating pamumuhay ang pangangaral ng kanyang Salita.

LEADER'S GUIDE

Isinulat ni Paul ang 2 Timothy nang siya ay nakakulong sa Roma at naghihintay na ng kanyang kamatayan. Nakulong siya dahil sa kanyang pangangaral ng Salita ng Diyos, ng Mabuting Balita ng kaligtasan na nakay Cristo, at dahil sa kanyang panawagan sa mga tao na magsisi sa kanilang kasalanan. Ang mensaheng ipinagsisigawan niya ay hindi tanggap ng maraming tao. Ngunit nanatili siyang tapat hanggang kamatayan. Tulad niya, ito rin ang nais ni Pablo para sa kanyang anak sa pananampalataya na si Timoteo – ang ipangaral ang Salita!

“PREACH THE WORD” (4:2)

Ang salitang “ipangaral” ay galing sa salitang Griyego na *kērussō*, na nangangahulugang “ipamalita o ipahayag sa publiko.” Sa panahon ng Bagong Tipan, ang isang tagapagbalita o tagapahayag, bilang kinatawan o mensahero ng emperador, ay dadaan sa mga kalye ng isang lungsod upang ipahayag ang isang mahalagang bagay na mangyayari tulad ng pagdating ng emperador. Kasama sa kanyang gawain ang pagpapahayag sa publiko ng mga bagong batas o polisiya ng gobyerno. Kung gayon, ang isang mangangaral ay isang tagapagpahayag o mensahero ng Diyos. Ang mga sinasabi ng Diyos na nakasulat sa Bibliya ang ipapangaral natin. Ang Mabuting Balita ng kaligtasan ay ipagsisigawan natin. Si Cristo ay ipapahayag sa iglesiang ito, sa bahay, sa opisina, at sa buong mundo. ‘Yan ang panawagan ng Diyos sa ating lahat.

“Preach the Word!” This is a God-given mandate for all Christians – pastor ka man o hindi. Totoo ngang ito ay diretsahang sinabi kay Timothy dahil sa kanyang role bilang pastor sa Ephesus, at mas diretso ang application nito sa mga pastor na katulad ko na tumatayo sa harapan ng maraming tao para ipangaral ang Salita ng Diyos. Ngunit ito ay applicable din sa lahat ng mga Cristiano na pinagkatiwalaang ipangaral ang Mabuting Balita. “The word is near you, in your mouth and in your heart (that is, the word of faith that we proclaim (*kērussō*)... everyone who calls on the name of the Lord will be saved. But how are they to call on him in whom they have not believed? And how are they to believe in him of whom they have never heard? And how are they to hear without someone preaching (*kērussō*)? (Rom. 10:8, 13-14). Sabi ni Bryan Chapell, “The riches of God’s Word are no one’s private treasure, and when we share its wealth, we

participate in its highest purposes.” To “share its wealth” we must preach it to others. Ano ang dapat na saloobin natin sa pangangaral ng Salita ng Diyos?

BE SERIOUS IN PREACHING THE WORD

4:1 Dapat na seryoso tayo sa pangangaral ng Salita ng Diyos. Preaching the Word is a serious calling. We must take it seriously and not lightly. Sinasabi dito ni Pablo ang napakaseryosong bagay tungkol sa pangangaral. Hindi ito pwedeng basta-basta balewalain o isantabi ni Timothy. Sa kanyang buhay at ministeryo, ito ang pinakamahalagang gawaing iniatas sa kanya. At bakit naman dapat seryosohin ni Timothy ang pangangaral ng Salita ng Diyos? Unang-una, *dabil ito’y tungkuling iniatang sa kanya ng Diyos at samakatumid ay mananagot siya sa Diyos sa kanyang tugon dito.*

Ang salitang “inaatasan” (diamarturomai; ginamit din sa 1 Tim. 5:21; 2 Tim. 2:14) ay isang mabigat at seryosong pananalita. Ito ay ginagamit kapag magbibigay ng isang utos o tagubilin na gamit ang awtoridad sa mga bagay na may “extraordinary importance” lalo na kung buhay at kamatayan ang nakasalalay dito. At kadalasan kapag ginagamit ang salitang ito, kasama ang pagtawag sa isang bagay o tao na may awtoridad upang maging saksi sa pagbibigay ng atas. Sa kasong ito, Paul appealed to the highest authority possible, “in the presence of God and of Christ Jesus,” and to the most important event in future history, “by his appearing and his kingdom.”

Sinasabi ni Pablo kay Timoteo, “Ipangaral mo ang salita dahil ang Diyos mismo ang nagbibigay sa iyo ng dakilang tungkuling ito at balang araw ay magsusulit ka kay Cristo bilang hukom ng lahat. Hindi mo maaring balewalain ang sinasabi ko dahil ang pangangaral ng Salita ng Diyos ay isang napakahalagang gawain na magdudulot ng muling pagbabalik ng Panginoong Jesu-Cristo upang itayo ang kanyang kaharian dito sa lupa. Ikaw ay naatasan na ipahayag sa mga tao na siya ang Hari na muling magbabalik upang parusahan nang walang-hanggan ang mga taong patuloy na nagrerebelde at igawad ang walang-hanggan kagalakan sa lahat ng nagpapasakop at umiibig sa kanya.” Wala nang iba pang gawain ng pastor ang mas seseryoso sa gawaing ito dahil buhay at kamatayan ang nakasalalay dito. Ayon kay Bryan Chapell, “The goal of preaching is not merely to impart information but to provide the means for transformation ordained by a sovereign God that will affect the lives and destinies of eternal souls committed to a preacher’s spiritual care.”

4:2 Sinabi din ni Paul sa kanyang unang sulat, “Until I come, devote yourself to the public reading of Scripture, to exhortation, to teaching...Keep a close watch on yourself and on the teaching. Persist in this, for by so doing you will save both yourself and your hearers” (1 Tim. 4:13, 16). Kaya nga ang ikalawang dahilan kung bakit niya ito dapat seryosohin ay *dahil pananagutan niya sa Diyos ang mga taong ipinagkatiwala sa kanyang ministryo na makinabang sa pagtuturo at pagtutuwid ng kanyang Salita*. “...ipangaral mo ang salita, magsikap ka sa kapanahunan at sa di-kapanahunan, magtuwid ka, manaway ka, mangaral ka na may buong pagtitiyaga at pagtuturo.”

Pagkatapos sabihin “ipangaral mo ang salita” isinunod niya ang apat pang tagubilin na nakapailalim dito. Ito ay paalala na ang ministryo niya ay ministryo sa mga taong ipinagkatiwala ng Diyos sa kanya na alagaan tulad ng isang pastol sa kanyang mga tupa. Dapat siyang magsikap o maging handa “sa kapanahunan at di-kapanahunan” na nangangahulugang ang pangangaral ay dapat gawin sa lahat ng pagkakataon, “making the most of every opportunity, because the days are evil” (Eph. 5:16 NIV). Dahil kailangan ito ng tao araw-araw, hindi lamang tuwing Linggo ito dapat gawin. It must be the life of the preacher. Hindi nakadepende sa panahon, dahil ang salita ng Diyos ay hindi maluluma o malalanta tulad ng mga dahon kundi mananatili magpakailanman (Isa. 40:8).

At kung naniniwala si Timoteo na “ang lahat ng mga kasulatan ay kinasihan ng Diyos at mapapakinabangan sa pagtuturo, sa pagsaway, pagtutuwid, at sa pagsasanay sa katuwiran” (3:16), dapat niya itong gamitin upang turuan ang mga mananampalataya na lumakad ayon sa nais ng Diyos. “Magtuwid ka, manaway ka, mangaral ka na may buong pagtitiyaga at pagtuturo.” May pananagutan siya sa Diyos kung gagawin niyang sentro ng kanyang ministryo sa mga tao ang Salita ng Diyos. People need to hear the Word of God from a pastor preached seriously more than any other task like counseling, visitation, or administration.

BE FAITHFUL IN PREACHING THE WORD

Seryosong gawain ang pangangaral ng Salita ng Diyos kaya dapat nating seryosohin. Bukod doon, dahil hindi ito basta-basta at hindi madaling gawain, dapat tayong maging tapat hanggang wakas sa pangangaral ng Salita ng Diyos. *Preaching the Word is a challenge to be faithful*. Katulad ni Pablo na nagtapat hanggang wakas at nagpatuloy sa pangangaral kahit pa nasa bilangguan na siya, ganoon din ang nais niya para kay Timoteo kahit pa

hindi maging popular o katanggap-tanggap sa tao ang kanyang ginagawang pangangaral.

4:3-4 *Dapat tayong maging tapat kahit pa hindi nagugustuhan o tinatanggap ng mga tao ang ipinapangaral natin*. Sinabihan ni Pablo si Timoteo na maging matiyaga dahil darating ang panahong ang mga tao’y aayaw sa mga katotohanan at babaling sa mga katuruang gawa-gawa ng tao. Kung sino lang ang gustong pakinggan, ‘yun ang pakikinggan. Hindi ba’t ganyan ang nangyayari sa panahon natin ngayon? Mga taong mas gustong makinig sa mga maling aral patungkol kay Cristo o tungkol sa kaligtasan. Mga taong mas gustong naririnig ang mensahe tungkol sa kung paano maging successful, maging mayaman, kaysa sa mensahe tungkol sa panawagan ng Diyos na magtiis tayo ng hirap alang-alang kay Cristo at pasanin ang kanyang krus sa pagsunod sa kanya. Mga taong mas gugustuhin pang magbayad 150 pesos para makapanood ng 3 oras na pelikula sa sinehan kaysa maupo at makinig (walang bayad!) sa sermon sa loob lang ng isang oras. “Timoteo, kung ganyan ang klase ng mga tao sa panahon ngayon at mas malala pa sa darating, mahirap maging pastor at mangangaral. Ngunit huwag mong hintayin na maging madali ang sitwasyon, ngayon ay maging tapat ka na sa pangangaral.”

4:5 *Dapat tayong maging tapat dahil ang panawagan sa atin ay mangaral hanggang sa dulo ng ating bubay kahit pa paghibirap ang kapalit nito*. “Ngunit ikaw ay maging matino sa lahat ng mga bagay, magtiis ka ng mga kahirapan, gampanan mo ang gawain ng isang ebanghelista, ganapin mong lubos ang iyong ministryo” (v. 5). Ang “maging matino” o “maging mahinahon” (MBB) ay galing sa salitang ginagamit sa taong iba sa taong parang lasing na wala sa katinuan ang pag-iisip. Hindi matatapos ni Timoteo ang kanyang tungkulin kung hindi magiging matino ang kanyang pag-iisip. Dapat isaalang-alang niya ang mga kahirapang daranasin niya at pagtiisan ang mga ito. Huwag bibigay sa panahon ng pagsubok at pag-uusig. Dapat manatili siyang tapat sa Mabuting Balita (gospel) bilang evangelist kahit pa ireject ito ng mga tao. “Ganapin mong lubos ang iyong ministryo.” Ibig sabihin, sikapin mong matapos ang gampanin ibinigay sa iyo hanggang katapusan. Katulad ni Pablo sa Acts 20:24, “But I do not account my life of any value nor as precious to myself, if only I may finish my course and the ministry that I received from the Lord Jesus, to testify to the gospel of the grace of God.”